
5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 5: Three – Dimensional (3D) Effects sa Pagguhit



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MAPEH (Music) – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Three – Dimensional (3D) Effects sa Pagguhit**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sarah P. Vitualla
**Editors:** Celestino I. Sapiler, Jr., Vergita M Ibañez, Chinky F. Baculanta
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Omar Ty
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei B. Masias
David E. Hermano, Jr.
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-Ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov

5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 5:
## Three – Dimensional (3D) Effects sa Pagguhit

**Paunang Salita**

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **MAPEH (Arts) 5** ng Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Three – Dimensional (3D) Effects sa Pagguhit.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **MAPEH (Arts) 5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul ukol sa Three – Dimensional (3D) Effects sa Pagguhit.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang museo ay isang lugar o gusali na pinaglalagakan ng mga bagay na may kinalaman sa kasaysayan at mga bagay na may kinalaman sa sining at siyensiya. Kabilang na sa mga museo sa Pilipinas ay ang “National Museum” o Pambansang Museo na itinakdang pamahalaan bilang espesyal na lagakan ng mga pamanang bansa. Dito nakatago ang mahalagang kagamitan na ginamit ng mga unang Pilipino at mga dakilang bayani ng bansa.

Mga lumang bahay na ginawa daang taon na ang nakalilipas sa ibat-ibang dako ng Pilipinas ay karaniwang yari sa bato at adobe. Ang mga bintana ay malalaki at pinapalamutian ng kapis. Malalaki ang mga pinto. Maluluwang ang mga silid kabilang dito ay lumangbahay ni Heneral Emilio Aguinaldo sa Kawit Cavite.

Sa araling ito, matutunan natin kung paano maiguhit ang mga lumang kagamitan na makikita sa mga lumang gusali o museo sa ating bansa sa pamamagitan ng ilusyon ng espasyo (A5PR-If) at sabay-sabay nating kamtin ang mga sumusunod:

a. Nakikilala ang mga paraan upang makalikha ng ilusyon ng espasyo sa tatlong dimensiyonal o 3D na guhit.
b. Nakakalikha ng 3D na guhit gamit ang wastong ilusyon ng espasyo ng mga antigong kagamitan na nakita mo sa libro, sa museo o sa lumang simbahan sa inyong komunidad.
c. Naipagmalaki ang mga antigong bagay sa pamamagitan ng Ikihang sining

## *Subukin*

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung ang larawan sa nasa ibaba ay may tatlong dimension o 3D. (Dalawang puntos bawat aytem)











| Aralin 5 | Three – Dimensional (3D) Effects sa Pagguhit |
| --- | --- |

# Aralin 5: Three – Dimensional (3D) Effects sa Pagguhit

Sa pagdaan ng mga panahon, ang mga katutubong kaalaman sa sining ay lalong pinagyaman ng patuloy na pakikipagkalakalan sa mga bansang malapit sa Pilipinas at sa kaniyang banyagang mananakop. Nakatulong ang mga ganitong gawain upang pandayin ng panahon ang likas na talino sa sining ng mga katutubong Pilipino. Paano mo iguguhit ang mga arkeolohikal na artifact? Paano Makalilikha ng ilusyon ng espasyo at epektong tatlong dimensiyonal?

## *Balikan*

Tukuyin kung ano ang sinasaad sa bawat pangungusap. Piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon at isulat sa patlang bago ang bilang.

__________ 1. Isang uri ng bahay na kilala sa Pilipinas. Naitayo ang mga ito sa panahon ng pananakop ng mga kastila, at literal na ibig sabihin ay "bahay na gawa sa bato". Ngunit hindi lamang siya simpleng bahay na gawa sa bato.

__________2. Ito ay bahay na bato. Ang mataas na kisame at mga nakakurbang suleras nito ang nahahatid ng kapitagang anyo.

__________3. Dito makikita ang mga antigong bagay tulad ng pang-alis ng ipa ng palay, punka o bentilador na nakalagay sa kisame at mga pansala ng tubig.

| |
| --- |
| Bahay ni Gat Jose Rizal |
| Bahay na bato sa Vigan |
| Malacanang |

## *Tuklasin*





Tingnan ang mga bagay na nasa larawan.


Ano ang iyong napapansin?

Paano nagkakaroon ng ilusyon ng espasyo ang mga bagay na ito? Makakagawa kaya kayo ng isang likhang sining na makatotohanan?

Hello, Ronald? Alam mo ba kung paano gawing makatotohanan ang pagguhit ng mga bagay?



Maaari mong gawin mas makatotohanan ang pagguhit ng mga bagay tulad ng arkeolohikal na artifacts sa pamamagitan ng pagtingin ng bagsak ng ilaw *(light)* sa nasabing mga bagay? Kapag natutuhang tumingin ng bagsak ng ilaw, makikita rin ang mga anino *(shadow)* sa iginuguhit. Maaaring palabasin ang ilaw at anino sa ginuguhit sa pamamagitan ng iba't ibang teknik ng *shading.*



# Suriin

Paggawa ng Ilusyon ng Espasyo

Sa pagguhit nga isang larawan mapapansin mong iba-iba ang hugis, laki at kulay ng iba't ibang bagay tulad ng mga simbahan, gusali, tahanan at iba pang istruktura. May mga bagay na malapit sa paningin at mayroon din naming malalayo. Ang mga malalayong bagay ay maliliit sa paningin habang ang mga bagay naman na malalapit ay mas malaki sa paningin. Sa sining tinatawag din itong ilusyon ng espasyo. Naipakikita din ang ilusyon ng espasyo sa paglalagay ng 3-dimensyong lawak ng isang larawan at nagiging mas makatutuhanan ang isang larawan kung isaalang-alang mo ang prinsipyo ng balanse sa likhang sining.

May anim na paraan upang makalikha ng ilusyon ng espasyo sa tatlong dimensiyonal o 3D na guhit. Ito ang mga sumusunod.

1. Pagkakapatong-patong o overlapping ng mga bagay.
   Mas malapit tingnan ang isang bagay na iginuhit na nakapatong o nasa harap ng isa pang bagay.

2. Posisyon ng mga bagay
   Ang mga bagay na nasa bandang itaas ng isang larawan ay magmumukhang mas malayo sa mga mata ng tumitingin sa larawan.

3. Sukat ng mga bagay
   Ang mga bagay na mas maliit ay magmumukhang malayo.

4. Detalye ng mga bagay
   Kapag mas malayo ang isang bagay, mas kaunti ang masisinagang detalye nito

5. Kulay ng mga bagay
   Mas madilim ang kulay ng mga bagay na mas malapit sa tumitingin habang mapusyaw ang mga nasa malayo.

6. Perspektibo
   Ito ang paggamit ng ga linya sa paglikha ng ilusyon ng espasyo.

## *Pagyamanin*


**Gawain 1**

Suriing mabuti ang bawat larawan sa unang bahagi ng talahanayan. Kilalanin ang paraan sa paggawa ng ilusyon ng espayo at isulat ang sagot sa kanang kahon.

| Mga Larawan | Paraan |
|---|---|
|  | |
|  | |
|  | |

**Gawain 2**

Kopyahin sa iyong sagutang papel ang larawan na nasa ibaba at gawin itong likha na may tatlong dimensiyon o 3D gamit ang iyong lapis.



**Gawain 3**

May mga antigong gusali ba o lumang bahay na nasa iyong komunidada? Paano mo maipagmalaki ang mga ito? Ipaliwanag ang sagot (sumangguni sa rubriks na makikita sa "Susi sa Pagwawasto para sa pagbigay ng kaukulang puntos").

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________



***Isaisip***

Ang natutunan ko sa araling ito ay ____________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Dapat nating alagaan ang mga antigong gusali o lumang simbahan dahil ______________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## *Isagawa*

Gamit ang mga natutunan mo sa mga paraan ng paggawa ng ilusyon ng espasyo, Lumikha ng 3D na guhit ng isang antigong kagamitan na nakita mo sa libro, sa museo o sa lumang simbahan sa inyong komunidad. Sumangguni sa rubriks na makikita sa "tayahin" para sa pagbigay ng kaukulang puntos. Gawin an pagguhit sa iyong sagutang papel.

## *Tayahin*

I. Kilalanin ang mga paglalarawan sa hanay A sa mga tinutukoy nito sa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng iyong sagot sa bilog bago ang bilang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Ito ang paggamit ng ga linya sa paglikha ng ilusyon ng espasyo. | a. Posisyon ng mga bagay |
| 2. Mas madilim ang kulay ng mga bagay na mas malapit sa tumitingin habang mapusyaw ang mga nasa malayo. | b. Sukay ng mga bagay |
| 3. Kapag mas malayo ang isang bagay, mas kaunti ang masisinagang detalye nito | c. Detalye nga mga bagay |
| 4. Ang mga bagay na mas maliit ay magmumukhang malayo | d. Kulay na mga bagay |
| 5. Ang mga bagay na nasa bandang itaas ng isang larawan ay magmumukhang mas malayo sa mga mata ng tumitingin sa larawan. | e. Perspektibo |

**I. Rubric sa 3D na Pagguhit sa mga antigong kagamitan na makikita sa "Isagawa".**

| Pamantayan | (5) | (3) | (1) | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Tamang pagguhit ng antigong bagay | Sadyang tama o wasto ang pagguhit gamit ang mga paraan sa paglikha | Malinaw na hindi gaanong tama ang pagamit ng paraan | Halatang hindi tama ang disenyo ng naiguhit na mga bagay | |
| Wastong paggamit ng technique | Ang ginamit na technique ay wasto, malinaw at masining | Malinaw ang ginamit na paraan sa paglikha ng ilusyon ng espasyo | Hindi masining at malinaw ang mga paraan sa paglikha | |
| Kalabasan | Ang kalabasan ng ginuhit ay may kaisahan at kaugnayan sa mga bagay | Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang ginuhit | |

## *Karagdagang Gawain*

Gumuhit ng isang bagay na iyong nagustuhan gamit ang mga paraan sa paglikha nga espasyo sa tatlong dimensiyonal o 3D na guhit.

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. Malacanang
2. Bahay na bato sa Vigan
3. Bahay ni Gat Jose Rizal

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. Sukat ng mga bagay
2. Kulay ng mga bagay
3. Perspektibo
4. Detalye ng mga bagay

**Gawain 2**

1. Kulay ng mga bagay
2. Sukat ng mga bagay
3. Pagkakapatong-patong o overlapping ng mga bagay.

**Gawain 3**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama

**Tayahin**

1. E
2. D
3. C
4. B
5. A

**Rubrik sa Pagsusuri ng Sanaysay**

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Kalinisan at Kahalagahan | Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan | Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis | Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay | |
| Istilo | Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa | Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa | Walang kalinawan at pagkamalikhain | |
| Tema | Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan | Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman | |

# *Sanggunian*

Valdecantos, Emelita. Umawit At Gumuhit 5. Reprint, Guevarra St., Sta. Cruz Manila: Saint Mary's Publishing Corp., 1999, pahina 149-152

Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. Halinang Umawit At Gumuhit 5. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016, Pahina 116-119

https://www.pinasmuna.com/2014/09/national-museum-in-butuan-city.html

https://lrmds.deped.gov.ph/create/detail/257

https://lrmds.deped.gov.ph/create/type/4?page=4

https://lrmds.deped.gov.ph/create/category/2/type/4

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph